PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 434-7973 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

LUPON NG MGA KADIWA
(BOARD OF DIRECTORS)
2018-2019

Pangulo
Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Pangalawang Pangulo
Miriam Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Kalihim
Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Ingat-Yaman
Michael David Tan Lopez
Unibersidad ng Santo Tomas

Mga Kasapi

Howell B. Calma
Clark Electric Distribution Corporation

Jose Antonio R. Clemente
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Carl O. Dellomos
Pamantasang Normal ng Pilipinas

Darren E. Dumaop
Pamantasang De La Salle

Adonis L. Elumbre
Unibersidad ng Pilipinas Baguio

Silfa C. Napicol
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Florabel S. Suarez
Central Philippine University

Homer J. Yabut
Pamantasang De La Salle

Joshua Keith D. Magboo
Pangulo, TATSULOK

Sekretaryat
Kenneth Carlo L. Rives

Pangulong Tagapagtatag
Virgilio G. Enriquez (+)
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-3 ng Hulyo 2018

_____
_____
_____
_____

Mahal na _____**:**

Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP).**

Taon-taon, nagtataguyod po ng Pambansang Kumperensiya ang PSSP, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang **Departamento ng Sikolohiya ng Ateneo de Manila University**, isasagawa po ng PSSP ang ika-43 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang **"Katinuan, Kalihisan, Kalusugan: Ang Mental Health sa Konteksto ng Kultura, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino"** sa Nobyembre 15-17, 2018 sa Ateneo de Manila University, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon.

Nilalayon po ng pambansang kumperensiya ang sumusunod: 1.) matalakay ang mga usapin na may kinalaman sa kalusugang pangkaisipan *(mental health)* sa konteksto ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino; 2.) magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan at sikolohiyang Pilipino; at 3.) magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, inaanyayahan po namin kayo at ang inyong **kaguruan** at mga **mag-aaral** na maging **Delegado** sa naturang pambansang kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

	Kasapi	**Di-Kasapi**	**Di-Gradwadong Mag-aaral (Undergraduate Student)**
Early Bird Registration (hanggang 15 Setyembre 2018)	Php3,500.00	Php3,700.00	Php2,000.00
Regular Registration (mula 16 Setyembre hanggang 27 Oktubre 2018)	Php3,800.00	Php4,000.00	Php2,200.00

Kasama po sa c*onference fee* ang *souvenir program, membership* para sa taong 2019*,* at pagkain (2 tanghalian at 5 meryenda) **ngunit hindi pa kasama rito ang bayad sa akomodasyon. Hindi po tatanggap ng *onsite delegate* sa kumperensiya.**

Maaari pong magbayad sa pamamagitan ng sumusunod:

- **Chinabank** (sa kahit saang sangay ng Chinabank)
  Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.**
  Account Number: **242-020331-7**
  Branch: **Corinthian Hills, Quezon City**

- **Globe GCash** (sa kahit saang authorized GCash outlet)
  Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.**
  Address: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Quezon City**
  Account Number: **0916-2114973**

- **Tanggapan ng PSSP**
  4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon
  Hanapin si G. Kenneth Carlo L. Rives
  Contact Number: 0922-8751440

Sa mga magbabayad po sa pamamagitan ng GCash, pakisabihan ang *teller* na ilagay ang inyong pangalan sa *notation* ng transaksyon para sa mas mabilis na beripikasyon ng inyong bayad. Lahat po ng tseke ay dapat nakapangalan sa "**NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC."** Pagkatapos pong magbayad ay siguraduhing makapagpatala kayo sa *online registration form:* **bit.ly/pksp2018pagpapatala**. **ANG *CONFERENCE FEES* AY *TRANSFERABLE* NGUNIT HINDI *REFUNDABLE***.

Paki-email po ang *scanned copy* ng Chinabank/GCash *transaction slip* kasama ang inyong pangalan at institusyong kinabibilangan sa **pssponline@gmail.com** bilang katunayan ng inyong bayad.

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

Prop. Michael David Tan Lopez
Unibersidad ng Santo Tomas
Convenor, Kumperensiya 2018

Prop. Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Pangulo, PSSP

/kclr09

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD**

PAKSA : **PARTISIPASYON SA IKA-43 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO NA MAY TEMANG "KATINUAN, KALIHISAN, KALUSUGAN: ANG MENTAL HEALTH SA KONTEKSTO NG KULTURA, LIPUNAN AT SIKOLOHIYANG PILIPINO", NA GAGANAPIN SA NOBYEMBRE 15-17, 2018 SA ATENEO DE MANILA UNIVERSITY, KATIPUNAN AVENUE, LUNGSOD QUEZON**

PETSA : Hunyo 29, 2018

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722, na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang seminar na ito ay naglalayong matalakay ang mga usapin na may kinalaman sa kalusugang pangkaisipan sa konteksto ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino. Layon din nito na magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan at sikolohiyang Pilipino at magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Ang seminar na ito ay bukas sa lahat ng mga guro mula sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo. Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Department of Budget and Management (DBM) National Budget Circular (NBC) No. 563.*

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan kina G. Jay A. Yacat, Gng. Miriam Aquino-Malabanan, at G. Jayson D. Petras sa telepono blg. (02) 434-7973 at/o mag-email sa sekretaryat@pssp.org.ph.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA
Panunumparang Pinuno
Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

2018-0625-008_PSSP ika-43 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino